# AKLAT NA PANSARILING GABAY
## TAGALOG/FILIPINO



LEGISLATIVE ASSEMBLY
*of* BRITISH COLUMBIA



# Maligayang pagdating sa mga Gusali ng Parliyamento ng British Columbia

Sa buklet na ito, makikita ninyo ang pangkalahatang-ideya ng arkitektura at makasaysayang kahalagahan ng kasalukuyang mga gusali na tahanan ng Pambatasang Lehislatura ng British Columbia. Ang impormasyon ay nakalaan upang kayo ay matulungan ng inyong pan-sariling gabay sa paglilibot ng mga gusali. Ang mga gusaling Parliyamento at kapaligiran ay nasa tradisyonal na teritoryo ng mga taong Lekwungan (ibinibigkas na Le-KWUNG-en). Sila ay kinikilala ngayon na mga Songhees at Esquimalt ng Mga Unang Bansa. Itong mga taong Coast Salish ay may masaganang kultura at libu-libong taon na kasaysayan.


Inaasahan naming masisiyahan kayo sa inyong pagbisita.



# ANG MGA HAWLA NG IBON

Ang konstruksyon ng mga unang gusali ng Pambatasan sa lugar na ito na kinikilalang Hawla ng Ibon na inumpisahan noong 1859 at kinumpleto noong 1864. Ang mga gusaling ito ay inilarawan ng mga manunulat sa panahon na iyon na "istilong pinag-halong arkitektura, pinaka-bagong disenyo ng pagodang-Tsina, bahay-Swiso at mga maluhong pamamahay-Italyano na mga magarbong birdcages".

Ang mga "Birdcages" ay patuloy na nagsilbi bilang mga gusali ng Kapitolyo noong 1871 kung kailan naging probinsiya ng Canada ang British Columbia. Sa bandang 1890, hindi na sapat ang sukat ng mga ito dahil lumaki na ang populasyon kaya sa taong 1892, isang paligsahan ng arkitektura ang ginanap upang pumili ng disenyo para sa mga bagong Gusali ng Parliyamento. Sa mga 65 na mga disenyong isinumite ng mga kalahok mula sa buong Hilagang Amerika, ang isang 25 taong gulang na arkitekto na si Francis Mawson Rattenbury, ay napili. Ito ang kanyang una at pinakamalaking proyekto. Ang matagumpay na pagkumpleto nito ay sinundan niya ng disenyo ng ilan pang mga istraktura na nagsilbing mga palatandaan sa British Columbia.





ACCEPTED COMPETITIVE DESIGN FOR PROPOSED NEW GOVERNMENT BUILDINGS AT VICTORIA, B.C.
F. M. RATTENBURY, ARCHITECT, VANCOUVER, B.C.

# DISENYO NG MGA GUSALI NG PARLIYAMENTO

Ang pagtatayo ng mga bagong gusali ng Parliyamento ay nag-simula sa taong 1893 at natapos ng 1897. Ang mga ito ay opisyal na binuksan noong Pebrero 10, 1898. May mga karagdagang pag-aayos na isinagawa sa pagitan ng mga taong 1913 at 1920. Umabot sa higit na $2 milyon ang nagastos sa pagbubuo nito.

Ang estilo ng mga Gusali ng Parliyamento ay inilarawan na "malayang-klasiko", Renesans, at Romanesk. Dinisenyo ni Rattenbury ang mga ito upang itanghal, hangga't maaari, ang mga natural na materyales ng Probinsiya. Ang kulay abong Haddington Island Andesite sa harapan ng lahat ng mga gusali, ang batong granit ng Nelson Island na ginamit sa pundasyon at hagdanan sa tapat, ang na-oksidays na simboryong tanso, at iba't-ibang matitibay na kahoy ay ginamit sa entrepanyo ng mga kuwarto upang ipakita ang likas na yaman ng British Columbia. Ang orihinal na bubong ay yari sa slate mula sa Jervis Inlet, nguni't sa panahon ng pagpapanumbalik, ito ay pinalitan ng Pittsburgh slate.

Pagkalipas ng 70 taong walang pag-babago, napansing kumukupas ang ganda ng mga gusali ng Parliyamento at kitang-kita na ang edad nito. Ang mga bubong ay tumutulo, nabubulok na ang pundasyong kahoy at ang systemang elektrikal ay makaluma na. Ang gubyerno ay nangako na lubusang aayusin at babaguhin ang gusali sa halagang $80 milyon sa taong 1972.



# ANG MAS-MABABANG ROTONDA

Sa kala-gitnaan ng sahig ng kuwarto may isang mosayik na gawang- kamay.  Nakapatong dito ang Shxwtitostel, ang tradisyonal na kanue na inukit ng Kagalang-galang na Stephen Point, ang ika-28 Tenyente Gobernador ng British Columbia, at si Tony Hunt, Nagmanang Hepe ng KwaGulth at Artisanong Mang-uukit. Ang ibig sabihin ng KwaGulth ay "isang mapayapang lugar sa pagtawid ng ilog" at naglalarawan ito ng isang tulay sa pagitan ng mga tao.



Kung titingin ng pataas, ang simboryo ay umaabot sa taas na 30.5 metro (100 piye).  Pinili ni Rattenbury na gumamit ng simboryong oktagonal sa istilong-renesans na kakaiba sa mga Gusali ng Parliyamento na may mga pa-bilog na istilong-renesans na gamit ng mga estado o pederal na Gusali ng Kapitolyo sa Amerika.  Sa ibabaw ng simborio, may rebulto ni Kapitan George Vancouver na dalawang metro ang taas. Ang rebultong ito ay pinukpok na tanso na tinubog sa 14-karat na ginto.

# ESKUDO NG BRITISH COLUMBIA





Pinagtibay noong 1987, ang escudo ng British Columbia ay may mga elemento ng ating nakaraang pagka-kolonya at ang natural na kagandahan ng ating probinsiya. Ang may koronang leon na nakatayo sa ibabaw ng korona ay kumakatawan sa Royal Krest ng Kaniyang Kamahalan Queen Elizabeth II. Sa kalasag, ang mga guhit na asul ay kumakatawan ng Karagatang Pasipiko habang ang mga puting guhit ay kumakatawan ng *Rocky Mountains* na natatakpan ng niyebe. Ang lumulubog na araw ay nagpapahiwatig na ang B.C. ay ang pinaka-kanluran na probinsiya ng Canada. Sa kaliwa, ang *wapiti stag* (o malaking usa) ay kumakatawan sa dating Kolonya ng Vancouver Island habang ang malaking may sungay na tupa sa kanan ay kumakatawan sa dating daluyang prinsipal na Kolonya ng British Columbia. Ang moto sa ibaba - "*splendor sine occasu*" - ay nakasulat sa Latin at nangangahulugang "Kagandahang walang Pag-babawas" o "Kagandahang Walang Katapusan." Matatagpuan na nakapaligid sa leeg ng leon at sa ibaba ng Kalasag ang mga kuwintas na bulaklak na *dogwood*. Ito ang bulaklak ng Probinsiya ng B.C. mula noong 1956.

# BULWAGAN NG KARANGALAN

Sa ngayon, ang Bulwagan ng Karangalan ay ginagamit para sa mga espesyal na pagdiriwang at pag-titipon, ngunit apat-napung taon na ang nakalipas at ito pa rin ang ginamit na opisina para sa dating Departamento ng mga Lupain at Kagubatan. Sa panahong iyon, ito ay ginawang maliliit na kwarto na may sahig na pulang linoleyum. Sa panahon ng pagpapanumbalik, ang kisame ng kwartong ito ay natuklasan at naibalik sa orihinal na istilong Maagang Pranses na Renesans. Sa panahon ng pagpapanumbalik, ang kisame ng kuwartong ito ay nadiskubre at ibinalik sa orihinal na istilong Maagang Pranses na Renesans. Nang ang linoleyum ay inangat, naibalik ng mga restorer ang orihinal na palapag sa kahoy na may disenyong parkay. Gamit nito ang lokal na kahoy galing sa punong Douglas fir.

# MINANTSAHANG SALAMIN

## BINTANA NG GOLDEN JUBILEE NG QUEEN ELIZABETH II




Ang Bintana ng Golden Jubilee ay regalo para sa kanyang Kamahalan Queen Elizabeth galing sa Pamahalaan ng British Columbia upang gunitain ang kanyang anibersaryo noong 2002. Ito ay ginawa ng mga manlilikha ng istilong Victorian na sina Edward Schaefer at Thomas Mercer. Sa pinakamataas na bahagi, mapapansin ninyo ang Canadian Royal Standard ng Kanyang Kamahalan. Ito ang personal na bandila ng Canada ng Reyna na lumilipad lamang kapag ang kanyang kamahalan ay nasa Canada. Makikita rin ninyo ang iba't ibang mga simbolo ng B.C., ang ating Pamprobinsiyang Ibon na Steller's Jay, ang ating Pamprobinsiyang Isda na Pacific Salmon, at ang ating Pamprobinsiyang hiyas na Jade, na pinakikilala ng mga berdeng bato na naka-lakip sa ilalim.

## BINTANA NG GOLDEN JUBILEE NG QUEEN VICTORIA




Ang Bintana ng Golden Jubilee ng Queen Victoria ay kinomisyon para sa ika-animnapung anibersaryo ng kaharian ng kanyang Kamahalan Queen Victoria noong 1897. Sa bandang kaliwa makikita ang petsa kung kailan ang 18 gulang na Queen Victoria ay umakyat sa trono (1837), at sa bandang kanan naman ay ang petsa ng

ika-animnapung anibersaryo (1897) nito. Ang mga letrang "V" at "R" ay Latin para sa "Victoria Regina," o Queen Victoria.

Ang Bintanang ito ay orihinal na natatagpuan sa ikalawang palapag sa likod ng Pambatasang Kamara. Noong 1912, dahil sa pagpapatayo ng bagong Aklatan ng Pambatasan, ito ay inilagay sa bodega para maingatan ng husto, at nanatili ito doon ng 62 taon. Ito ay natagpuan nang panahon ng pagpapanumbalik noong 1974.

Sa pinakamataas na bahagi nito makikita ang orihinal na Eskudo ng British Columbia. Pinagtibay ito ng pamahalaan sa pamamagitan ng *Order-in-Council* noong 1895. Naglalaman ito ng maraming pare-parehong simbolo na ginagamit sa kasalukuyan, gayunpaman, hindi ito tinanggap ng mga opisyal na galing sa Britanya. Itinuring na hindi ito angkop dahil may bandila ng Britanya sa kalasag na ang posisyon ay mas mababa kaysa sa lumulubog na araw dahil ito ay salungat sa popular na pagpapahayag na "ang araw ay kailanman hindi lumulubog sa Imperyo ng Britanya. "Ang mga bulaklak sa orihinal ay mga simbolo ng United Kingdom: ang lila na tisel ng Scotland, ang berdeng *shamrock* ng Ireland, ang kulay rosas na mga Tudor roses ng Inglatera, at ang dilaw na *daffodil* ng Wales.

## MGA BINTANA SA HAGDAN

Habang umaakyat sa hagdan ng Memoryal na Rotonda, mapapansin ninyo ang ilang mga *stained glass* na bintana, na may mga sipi ng mga manunulat at pilosopong Inggles na mula nuong 17 at 18 dantaon na naririto upang magbigay ng inspirasyon sa mga mambabatas at tagapanood habang sila ay patungo sa Kamara.



# ANG MEMORYAL NA ROTONDA

Ang Memoryal na Rotonda ay nakakuha ng pangalang ito dahil ito ang lugar ng maraming alaala tungkol sa digmaan at sa mga taga-British Columbia na nagbigay ng kanilang buhay para sa Canada. Nakalista sa Mga Aklat ng Pag-alaala ang pangalan ng mga taga-British Columbia na tagapaglingkod ng sibil na nagsilbing mga sundalo at namatay noong Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa gitna ng Memoryal na Rotonda may bukas na sirkulo na napapalibutan ng singsing na madilim na Tennessee marmol. Ang mga pader ay may aporo ng dalawang kulay ng Tennessee marmol at pinalamutian ng 23-karat na ginto na inilapat sa panahon ng pagpapanumbalik. Ang terrazzo na sahig ay ibinuo gamit ang maliliit na bahagi ng marmol at granite na galing pa sa Italya.

Ang apat na larawan ay ginawang palamuti ng simboryo ng Memoryal na Rotonda at kumakatawan ito ng mga pangunahing pang-ekonomiyang industriya ng sinaunang British Columbia: panggugubat, pangingisda, agrikultura at pagmimina. Ipininta ang mga ito sa lona noong 1935 ni George H. Southwell, at itinalaga noong 1952.





## ENTRADANG SEREMONYAL

Ang Entradang Seremonyal ay nagbibigay ng daan papunta sa Memorial na Rotonda at direktang patungo sa Kamara - ang pisikal at simbolikong puso ng mga gusaling ito. Ginagamit lamang ito para sa pinaka-espesyal na okasyon, kabilang na dito ang bawat Pebrero, kung kailan ang Tenyente Gobernador ay pumapasok sa mga gusali upang buksan ang bagong sesyon ng Parliyamento. Ang kanyang kamahalan, si Queen Elizabeth II, ay huling dumaan sa mga pintuang ito noong Marso ng 1983.

Ang bagong alituntunin ay itinatag noong Disyembre 2, 1998 nang sinamahan si Hepe Joseph Gosnell sa Entradang Seremonyal upang tugunan ang Kapulungan ng Lehislatura mula sa bar ng Kapulungan habang may debate tungkol sa *Nisga'a Final Agreement Act*. Siya ay nasundan na ng ilang mga Hepe ng Mga Unang Bansa na dumadalo upang kumpletuhin ang mga kasunduan.

# ANG KAMARA NG LEHISLATURA



Ang Kamara, na sumusukat ng 12 sa 18 metro (40 sa 60 piye), ay may Entrepanyong kayumanggi na Italyan marmol na pinalamutian ng 22 na mga haliging berde, puti at lilang Italyan marmol. Ang kisame ay ginayakan ng mga dahong ginto at may apat na simboryong may *stained glass* sa kisame. Ang malalaking bakal na lampara ay replika ng mga nakabitin sa Kamara noong 1898. Sa loob ng Kamara, ang mga inihalal na Miyembro ng Pambatasang Kapulungan (MLAs), ay naglilingkod bilang mga miyembro ng pamahalaan o bilang mga miyembro ng Oposisyon. Ang mga MLA ng Gobyerno ay ang mga miyembro na nabibilang sa partidong pampulitika na nanalo sa pinakamalaking bilang ng mga puwesto sa isang pangkalahatang eleksyon. Ang partidong pampulitika na nanalo sa pangalawang pinakamalaking bilang ng mga upuan ay bumubuo sa Opisyal na

Oposisyon. Ang mga MLA mula sa iba pang mga partidong pampulitika at independiyenteng mga MLA ay bahagi din ng oposisyon. Ang papel na ginagampanan ng mga oposisyong MLA ay tanungin ang mga aksyon ng pamahalaan at magpakita ng mga alternatibo sa umiiral na mga patakaran.

Kapag ang parliyamento ay nasa sesyon, ang mga MLA ay may pananagutan sa pag-aaral, pag-tatalunan at pagboto sa lahat ng ipinanukalang batas (tinatawag na mga *bills*) na ipinakilala sa Kamara, na tinutukoy din bilang ang *House*. Bilang karagdagan, sinusuri nila at tinatanggap ang mga panukala sa paggasta sa badyet ng gobyerno (kilala bilang mga pagtatantya), at nagtatanong sila tungkol sa mga plano at aktibidad ng pamahalaan.

Ang isa pang mahalagang paraan ng paglilingkod ng mga MLA sa kanilang mga nasasakupan ay sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga pananaw sa *House* at bigyang-diin ang mga lokal na isyu na may kinalaman sa kanila. Ang mga MLA ay nagsisilbing mahalagang ugnayan sa pagitan ng mga mamamayan at pamahalaan, tumutulong sa kanilang mga nasasakupang tao upang magamit ang mga programa at ahensya ng pamahalaan.

## MGA MESA NG MGA MIYEMBRO

Ang Kamara ay nababahagi sa mga hanay ng mga mesa sa magkabilang panig ng sahig. Ayon sa kaugalian, ang pamahalaan ay nakaupo sa kanan ng Tagapagsalita, at ang oposisyon ay nakaupo sa kaliwa ng Tagapagsalita. Sa unang parliyamento ng B.C, noong 1872, mayroong 25 MLA. Ngayon, mayroong 87 MLA na inihalal sa buong British Columbia upang maglingkod sa Pambatasang Kapulungan.



## UPUAN NG TAGAPASALITA

Sa malayong dulo ng Kamara ay ang Upuan ng Tagapagsalita. Ang Tagapagsalita ay isang MLA na inihalal upang mamuno sa mga debate at tiyaking sinusunod ng Kapulungan ang mga itinakdang patakaran ng pag-uugali at

pamamaraan. Ang Tagapagsalita ay inihahalal sa pamamagitan ng lihim na balota ng lahat ng mga MLA. Sa sandaling maihalal, ang Tagapagsalita ay dapat na kumilos sa isang hindi partidong paraan at may pananagutan sa pagtiyak na ang lahat ng MLA, kahit ano ang partido nila, ay itinuturing na pantay at walang kinikilingan.

## ANG MESA NG MGA TAGASULAT

Ang mesa sa harap ng Silya ng Tagapagsalita ay ang Mesa ng mga Tagasulat. Ang Tagasulat ng Kapulungan at ang mga katulong ng Tagasulat ay nakaupo dito, handang payuhan ang Tagapagsalita at ang mga MLA sa mga pamamaraang parliyamentaryo.

## ANG MGA PAMPUBLIKONG GALERYA

Ang Mga Pampublikong Galerya ay ang mga upuan na matatagpuan sa ikatlong palapag kung saan natatanaw ang Kamara at bukas sa publiko kapag ang Pambatasang Kapulungan ay nasa sesyon.

## GALERYA NG MEDIA

Ang unang hilera ng galerya na direkta sa ibabaw ng Silya ng Tagapagsalita ay nakalaan para sa mga miyembro ng media na itinalaga upang masakop ang mga kaganapan sa Pambatasang Kapulungan at ng pamahalaang pangprobinsya.

## ANG MACE

Ilang siglo na ang nakalipas, ang Mace ay ang personal na armas ng Sarhento-sa-Armas at ang kanyang tsapa ng tungkulin at kapangyarihan, na nagpapakita ng mga maharlikang sagisag sa mga taong hindi makabasa. Ang Mace, sa modernong mga panahon, ay naging simbolo ng kapangyarihan ng Kapulungan at ng Tagapagsalita, at dapat ito ay nasa Talaan ng Mga Tagasulat para maisagawa ng Lehislatibong Asamblea ang gawain nito. Ang presensya nito ay nagpapahiwatig na ang Kapulungan ay nasa sesyon, at may ganap na kaalaman at pahintulot ng monarco.



LEGISLATIVE ASSEMBLY
*of* BRITISH COLUMBIA

Ito ang katapusan ng inyong paglilibot sa mga Gusali ng Parliyamento. Salamat sa pagbisita ninyo sa araw na ito.

Umaasa kami na nasiyahan kayo sa inyong pagbisita sa Mga Gusali ng Parliyamento.

Kung nais ninyo ng karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website sa

**www.leg.bc.ca**

LEGISLATIVE ASSEMBLY
*of* BRITISH COLUMBIA




**Lehislatibong Asamblea ng British Columbia**
Opisina ng Edukasyong Pang-parliyamentaryo
Mga Gusali ng Parliyamento, Victoria, BC V8V 1X4
Tel: 250-387-3046


**Mangyaring bumisita sa Parliamentary Gift Shop habang palabas kayo ng gusali.**

11/2018